



Polisiya ukol sa Maagang Pagpapalabas (Early Release) ng ExCEL na Programang After School ng SFUSD

(Ipapaskil ang polisiyang ito sa agad na nakikitang lugar)

Araw-araw na pinatatakbo ng mga programang ExCEL ang mga komprehensibong programang after school na pinopondohan ng ASES at ng grant na 21st Century. Itinatagda sa mga programang pinopondohan ng mga grant na ito na magsimula agad matapos ang regular na araw ng pagpasok, magkaroon ng mga operasyon nang hindi bababa sa 15 oras kada linggo, at manatiling bukas nang hanggang 6:00 PM o higit pa tuwing regular na araw ng pagpasok.

Departamento ng Edukasyon (Department of Education) ng California: Mga Inaasahan sa Pagpasok sa Klase ng mga Estudyante:

- Intensiyon ng batas na papasukin ang mga estudyante sa elementary sa programa nang limang (5) araw kada linggo.
- Posibleng magpatupad ang mga programang pang-middle school o panggitnang paaralan ng mas nababago-bagong iskedyul ng pagpasok sa mga estudyante. Bibigyan ng prayoridad sa pagpapa-enroll ang mga estudyante sa middle school na papasok nang limang (5) araw sa isang linggo.
- Bibigyan ng unang prayoridad ang mga estudyanteng natukoy ng programa bilang kabataang homeless (walang tahanan) at mga estudyanteng natukoy ng programa na nasa pangangalagang foster (nasa pangangalaga ng gobyerno at nakatira sa kumupkop na pamilya).
- Bibigyan ng prayoridad para sa pagpapa-enroll ng estudyante sa mga programang after school ang mga estudyanteng papasok nang limang (5) araw kada linggo hanggang sa matapos ang programa.

Maagang Paglabas para sa Programa:

Ayon sa mga gabay ng grant, inaasahan sa mga naka-enroll na estudyante sa elementary at middle school na pumasok sa programa araw-araw hanggang 6pm. Bibigyan ng prayoridad sa pagpapa-enroll ang mga estudyanteng papasok sa programa araw-araw hanggang 6pm. Puwedeng maisaayos ang pagkakaroon ng maagang paglabas mula sa programa. Sa tuwing sinusundo ninyo ang inyong anak bago ang pagtatapos ng programa, dapat ninyong malaman na KAILANGANG bigyan kayo ng kawani ng code o kodigo na gagamitin sa Sign Out Sheet (pinipirmahang papel bago lumabas) ng ExCEL.

1. Kasabay o Parallel na Programa	4. Pakikipagkitang Medikal	7. Pagkaka-aksidente /Pagkakapinsala ng Bata
2. Emergency ng Pamilya	5. Transportasyon	8. Iba Pang Kondisyon
3. Personal na Sitwasyon ng Pamilya	6. Kaligtasan ng Komunidad	

Magtatapos ang Aming Programa Sa: